THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Pagkain ng Puso

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Disyembre 01, 2021

Ang pagkain ng puso ay tumutukoy sa Salita ng Diyos na aktibo, mabilis at makapangyarihan (Heb. 3:12), at dapat lahat ng Kristyano ay may kaalaman dito. Ginagamit ito ng mga Kristyano para ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa pag-atake ng kalaban, para maalagaan ang kanilang buhay dito sa mundo (Osea 4:6). Dagdag pa nito, ang Salita ng Diyos ay dapat naka-ugat sa ating buhay kundi tatangayin ito ni Satanas (Mt.13:4). Maaaring tulungan tayo o hatulan, ito ang katotohanang gumagabay sa atin tungo sa buhay na walang hanggan. Binabantayan ng Diyos ang ating puso at inaalis ang mga pagkabalisa, mababang tingin sa sarili, at depresyon; at sa kalaunan, magiging masaya ang ating puso at magkakaroon ng payapang buhay kasama si Cristo.

**Ang mga alituntunin sa Salita ng Diyos ay**

**1.Bigyang halaga ang Kanyang Salita**. Dapat magkaroon tayo ng tiyak na oras para sa Panginoon, at ituon ang ating isip sa Kanya. Magkaroon dapat tayo ng diksyonaryo at ibang kagamitan para lubos nating maunawaan ang mga nakasulat sa Bibliya at hayaang tumimo ang salita sa ating isip at puso. Dapat tanggapin ng ating puso ang salita ng Diyos. Huwag hayaang tumigas ang ating puso (Mt. 13), sa halip tanggapin natin Siya kung naririnig natin ang Kanyang boses (Awit 95:8).

**2. Ihilig ang ating tainga sa Panginoon**. Dapat magpokus tayo sa Mabuting Balita, ang Kanyang Salita. Kinakailangang mababa ang ating loob kung magdesisyon tayong magpokus sa Diyos at hindi sa makamundo at walang kuwentang mga bagay. Ibig ding sabihin bigyang prayoridad ang Diyos at laging hanapin ang Kanyang kalooban. Tiyak, guguluhin ni Satanas ang ating isipan araw-araw; kaya, ang desisyon nating makinig sa Diyos ang magtutuwid sa ating landas.

**3. Huwag hayaang mawaglit sa ating paningin ang mga Salita ng Diyos**. Anumang pagsubok ang ating nararanasan, o kaya pagdududa na naghahati sa ating atensyon laban sa Diyos, dapat magpokus tayo sa Kanyang mga pangako. Ang taong pabago-bago ang isip ay di alam kung ano ang talagang ibig (Santiago 1:8), kaya ituon natin ang ating paningin kay Jesus (Heb.12:2).

**4. Pagnilayan ang Salita ng Diyos.** Dapat araw-araw nating pagnilayan ang Salita ng Diyos bilang gabay para magtagumpay sa buhay (Jos.1:8). Dapat mula sa puso ang ating pagninilay (Awit 19:14), at hayaan ang Salita ng Diyos ang magbigay galak sa ating buhay (Awit 1:1-3).

**5. Tunawin ang Salita ng Diyos tulad ng pagnguya ng baka sa kanyang pagkain.** Ang baka ay kumakain ng damo, nginunguya, nilulunok, inilalabas ulit at muling ngunguyain; tinatawag din itong tapat na pagnguya. Dapat ang mga Kristyano ay tuloy-tuloy na kumakain ng Salita ng Diyos, ulit-uliting basahin ang mga pangako ng Diyos, mga kautusan, ebanghelyo at awit, para magkaroon ng ng pinakamabisang *diet* sa buhay na banal.

**Konklusyon:**

"Lahat ng kasulata'y kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtutuwid ng likong gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay" (2Tim. 3:16), at ito ang pinagmumulan ng pagkakaroon ng magandang ugnayan sa Diyos. Sa pagbubukas lamang ng ating puso at ganap na pagtanggap sa Salita ng Diyos ang daan para maging perpekto ang ating buhay sa gabay ng Espiritu Santo.

**Pagninilay:**

1.Ano ang araw-araw mong rehimen sa pagbabasa ng Bibliya?
2.Paano mo maiiwasan ang mga sagabal at magpokus lamang sa Diyos?
3.Ano ang iyong mga paraan sa pagninilay sa Salita ng Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
#PagbabasaNgBibliya; #Pagninilay'#Pag-aaral